

## Settlement ng Mortgage ng Credit

Pakisuyong tingnan ang sumunod na mga pahina para sa impormasyon sa English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean.



### Ang Consumer Relief Patunglo sa Settlement Agreement sa Pagitan ng United States Department of Justice at Credit Suisse Securities (USA) LLC.

Makikita sa dokumentong ito ang iba't ibang uri ng tulong na inaalok ng Credit Suisse para mapunan ang obligasyon nito sa Consumer Relief bilang bahagi ng Settlement nito sa Department of Justice.

Inaalok ng Credit Suisse ang iba't ibang uri ng tulong sa mga nanghihiram na kinikilala ng Credit Suisse na nakapasa sa kinakailangang kwalipikasyon na sinasang-ayonan ng Settlement:

1. Pagbabago ng utang sa bayarin sa bahay sa pamamagitan ng principal forgiveness (o, hindi na pagpapabayad ng malaking bahagi ng utang), forbearance (o, pagpapaantala ng pagbabayad), at balance forgiveness.
2. Pagtatapos ng bayarin sa utang sa bahay para sa mga naninirahan sa kanilang second at junior mortgage.

Sinusuri ng Credit Suisse ang mortgage loans na seneserbisyon ng kaanib nitong Select Portfolio Servicing, Inc. ("SPS") at hindi kaanib na mortgage servicers para malaman kung kwalipikado ba sila para sa iba't ibang uri ng tulong na nabanggit sa itaas.

Inaalok lang ang Consumer Relief sa piling nanghihiram. Susuriin ng Credit Suisse kung sino-sino ang kwalipikado at kung magkano ang itutulong. Ang mga nanghihiram na nakapasa sa kwalipikasyon ng Credit Suisse para sa Consumer Relief ay kokontakin, pero ang nanghihiram na nangangailangan ng tulong o humaharap sa pinansiyal na paghihirap ay kailangan ding makipag-ugnayan sa SPS gamit ang numero sa baba o sa kanilang kasalukuyang mortgage servicer. Ang lahat ng nanghihiram ay dapat na patuloy na magbayad sa kanilang nakasanayang mortgage.

Ang kahit sinong nanghihiram na makakatanggap ng Consumer Relief ay may kakaharapang obligasyon sa buwis at kailangang kumunsolta sa tax advisor. Halimbawa, para sa pagbabago sa principal forgiveness loan at iba pang uri ng debt forgiveness, ang nanghihiram ay maaring magbayad ng buwis sa utang na di pinabayaran. Ito ay dahil ang di pinabayaranang utang ay kinokonsidera bilang kita ng nanghihiram sa taon na di ito pinabayaran, maliban na lang kung ang nanghihiram ay kwalipikado na hindi na magbayad ng buwis. Higit sa lahat, ang batas pederal tungkol sa pagbubuwis sa di pinabayaranang utang ay nagbago sa ilalim ng Mortgage Forgiveness Debt Relief Act of 2007, na kung saan nagpapahintulot sa ilang nanghihiram sa hindi pagbabayad ng buwis sa di pinabayaranang utang para sa partikular na mga taon. Ang Batas na ito ay binago at pinalawig mula nang ito ay ginawa, at kasalukuyang pinapalawig hanggang sa 2025 taon ng pagbabayad buwis. Dahil dito, ang ilang nanghihiram na di na pinabayaran ang utang mula Enero 1, 2007 hanggang Disyembre 31, 2025 ay maaring hindi na pababayaran ng buwis sa utang na di pinabayaran.

Nagsasagawa ang Credit Suisse ng okasyon para sa mga nanghihiram tatlong beses sa isang taon hanggang matapos ang obligasyon nito sa Consumer Relief. Sa mga okasyong ito, pangunahing nakikipag-ugnayan ang Credit Suisse sa mga nanghihiram o sa namimilegro at hinihimok silang dumalo at sumali sa harapang konsultasyon sa mortgage. Nagsasagawa ang Credit Suisse ng pakikipag-ugnayan sa mga nanghihiram sa pamamagitan ng sulat at/o tawag sa telepono. Ang mga mortgage assistance consultant ay pwedeng kausapin bago at pagkatapos ng mga okasyong ito para magbigay ng masusing customer support at paggabay patungkol sa lahat ng tulong na pwedeng ibigay. Ang mga nanghihiram ay pwedeng magpasa ng kinakailangang dokumento habang nasa pagpupulong kasama ang mortgage assistance consultant para makompleto ang aplikasyon sa pagbabago. Kung posible, ibibigay ang desisyon sa nanghihiram sa araw ding iyon na magsasabi sa kanila kung ang pagbabago ba ay aprubado o hindi.

Bilang karagdagang tulong sa nanghihiram, nagbibigay ang Credit Suisse ng pondo para sa pangangasiwa sa konstruksiyon, rehabilitasyon o pagpapanatili ng abot-kayang uupahan o binibentang bahay.

#### Impormasyon sa pagkontak:

**Para sa tulong, pakitawagan ang Select Portfolio Servicing, Inc., the Credit Suisse affiliated mortgage servicer sa 800-258-8602.**

**Bukas ang opisina: Lunes-Huwebes 8 AM – 11 PM ET, Biyernes 8 AM – 9 PM ET, Sabado 8 AM – 2 PM ET**